

ABISO SA MGA KASANAYAN SA PAGKAPRIBADO
NOTICE OF PRIVACY PRACTICES (Tagalog)

A. INILALARAWAN NG ABISONG ITO KUNG PAANO MAAARING GAMITIN AT ISIWALAT ANG MEDIKAL NA IMPORMASYON TUNGKOL SA IYO AT PAANO KA MAKAKAKUHA NG ACCESS SA IMPORMASYONG ITO. MANGYARING SURIIN ITONG MABUTI. Ang Abiso sa Mga Kasanayan sa Pagkapribado (Abiso) na ito ay nalalapat sa lahat ng impormasyon tungkol sa pangangalaga na natatanggap mo mula sa mga sumusunod:

- Ang University of Michigan Health System (UMHS) na kinabibilangan ng aming mga ospital, doktor, serbisyo sa kalusugan sa tahanan, serbisyo sa parmasya, serbisyo sa laboratoryo, at iba pang nauugnay na provider ng pangangalagang pangkalusugan
- Mga bahagi ng University of Michigan na nagbibigay ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan (Mga Provider ng UM) gaya ng University Health Service, University of Michigan School of Dentistry, atbp.
- Ang UMHS at ang mga organisadong kaayusan sa pangangalagang pangkalusugan nito kung saan ang UMHS ay nakikilahok sa mga aktibidad sa pagpapahusay ng kalidad at pagtatasa bilang bahagi ng isang organisadong kaayusan sa pangangalagang pangkalusugan kung saan ang mga provider ay magkatuwang upang makatulong na mapabuti ang kalidad ng iyong pangangalaga. Available sa <http://www.uofmhealth.org/patient+and+visitor+guide/ocha> ang mga halimbawa ng kasalukuyang Organisadong Mga Kaayusan sa Pangangalagang Pangkalusugan kung saan nakikilahok ang UMHS

Bilang karagdagan sa itaas, nalalapat ang Abisong ito sa iba pang bahagi ng University of Michigan na sumusuporta sa mga aktibidad sa pangangalagang pangkalusugan ng UMHS at ng mga provider ng UM. Maaaring gamitin at ibahagi ng lahat ng entidad na ito ang iyong impormasyong pangkalusugan para sa paggamot, pagbabayad o mga pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan tulad ng inilarawan sa Abisong ito.

THIS NOTICE DESCRIBES HOW MEDICAL INFORMATION ABOUT YOU MAY BE USED AND DISCLOSED AND HOW YOU CAN GET ACCESS TO THIS INFORMATION. PLEASE REVIEW IT CAREFULLY. This Notice of Privacy Practices (Notice) applies to all information about care that you receive from the following:

- **University of Michigan Health System (UMHS) which includes our hospitals, doctors, home health services, pharmacy services, laboratory services, and other related health care providers**
- Portions of the University of Michigan that provide health care services (UM Providers) such as University Health Service, the University of Michigan School of Dentistry, etc.
- UMHS and its organized health care arrangements where the UMHS participates in quality improvement and assessment activities as part of an organized health care arrangement where the providers work jointly to help improve the quality of your care. Examples of current Organized Health Care Arrangements in which the UMHS participates are available at <http://www.uofmhealth.org/patient+and+visitor+guide/ocha>
- In addition to the above, this Notice applies to other portions of the University of Michigan that support the health care activities of UMHS and the UM providers. All of these entities may use and share your health information for treatment, payment or health care operations as described in this Notice.

B. KINAKAILANGAN NAMIN NA PANGALAGAAN ANG IYONG PROTEKTADONG IMPORMASYON SA KALUSUGAN (PROTECTED HEALTH INFORMATION, PHI).

Nakatuon kami sa pagprotekta sa pagkapribado ng iyong impormasyon sa kalusugan, na tinatawag na “protektadong impormasyon sa kalusugan (protected health information)” o “PHI”. Ang PHI ay impormasyon na maaaring gamitin para makilala ka na ginawa o natanggap namin ang impormasyon tungkol sa iyong nakaraan, kasalukuyan, o hinaharap na kalusugan o kondisyon, ang pagkakaloob ng pangangalagang pangkalusugan sa iyo, o pagbabayad para sa pangangalagang pangkalusugan na ibinigay sa iyo. Kinakailangan naming ibigay sa iyo ang abisong ito para ipaliwanag ang aming mga kasanayan sa pagkapribado at kung paano, kailan, at bakit namin ginagamit at isinisiwalat ang iyong PHI. Sa pangkalahatan, hindi namin maaaring gamitin o isiwalat ang higit pa sa iyong PHI kaysa sa kinakailangan para maisakatuparan ang layunin ng paggamit o pagsisiwalat, bagama’t may ilang pagbubukod. Legal kaming inaatasan na sundin ang mga kasanayan sa pagkapribado na inilarawan sa abisong ito at abisuhan ka pagkatapos ng paglabag sa iyong hindi ligtas na PHI.

WE ARE REQUIRED TO SAFEGUARD YOUR PROTECTED HEALTH INFORMATION (PHI).

We are committed to protecting the privacy of your health information, called “protected health information” or “PHI”. PHI is information that can be used to identify you that we have created or received about your past, present, or future health or condition, the provision of health care to you, or payment for health care provided to you. We are required to provide you with this notice to explain our privacy practices and how, when, and why we use and disclose your PHI. In general, we may not use or disclose any more of your PHI than is necessary to accomplish the purpose of the use or disclosure, although there are some exceptions. We are legally required to follow the privacy practices described in this notice and notify you following a breach of your unsecured PHI.

C. PAANO NAMIN GINAGAMIT AT ISINISIWALAT ANG IYONG PHI. Ginagamit at isinisiwalat namin ang PHI para sa iba't ibang dahilan, at ang ilan ay nangangailangan ng iyong paunang partikular na pahintulot. Ang iba't ibang kategorya ng aming mga paggamit at pagsisiwalat ay inilarawan sa ibaba, na may mga halimbawa ng bawat isa.

HOW WE USE AND DISCLOSE YOUR PHI. We use and disclose PHI for different reasons, and some require your prior specific authorization. The different categories of our uses and disclosures are described below, with examples of each.

1. Ang mga Paggamit at Pagsisiwalat na May Kaugnayan sa Paggamot, Pagbabayad o Mga Pagpapatakbo sa Pangangalagang Pangkalusugan ay Hindi Nangangailangan ng Iyong Pahintulot.

1.1. Para sa Paggamot. Maaari naming gamitin at isiwalat ang iyong PHI sa mga doktor, nars, mag-aaral sa medisina at iba pang tauhan ng pangangalagang pangkalusugan na nagbibigay ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa iyo o na nauugnay sa iyong pangangalaga. Halimbawa, kung ginagamot ka para sa isang pinsala sa tuhod, maaari naming isiwalat ang iyong PHI sa provider ng pisikal na therapy upang isaayos ang iyong pangangalaga.

1.2. Upang Makakuha ng Kabayaran. Maaari naming gamitin at isiwalat ang iyong PHI upang maningil at mangolekta ng kabayaran para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na ibinigay sa iyo. Halimbawa, maaaring gamitin ng aming departamento sa pagsingil ang ilan sa iyong PHI at isiwalat ito sa iyong planong pangkalusugan para sa pagbabayad.

1.3. Para sa Mga Pagpapatakbo sa Pangangalagang Pangkalusugan. Maaari naming gamitin at isiwalat ang iyong PHI para patakbuin ang aming mga ospital, klinika at iba pang pasilidad ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Halimbawa, maaari naming gamitin ang iyong PHI upang suriin ang pangangalagang ibinigay sa iyo o upang suriin ang pagganap ng mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan at mga prosesong nauugnay sa iyong pangangalaga. Maaari din naming ibigay ang iyong PHI sa mga unit ng University of Michigan at sa aming mga kasosyo sa negosyo na sumusuporta sa aming mga pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan, tulad ng aming mga tagapagtuos, abogado, kasanguni at iba pang kumpanya. Kasama sa iba pang halimbawa ang mga programang pang-edukasyon, paglutas ng mga panloob na karaingan, pagpapalano ng negosyo, pagpapaunlad at pamamahala, aktibidad na pang-administratibo, kabilang ang pamamahala ng mga sistema ng datos at impormasyon, at mga pagsasama-sama sa iba pang provider.

Uses and Disclosures Relating to Treatment, Payment or Health Care Operations Do Not Require Your Consent.

1.1. For Treatment. We may use and disclose your PHI to physicians, nurses, medical students and other health care personnel who provide health care services to you or who are involved in your care. For example, if you are treated for a knee injury, we may disclose your PHI to the physical therapy provider to coordinate your care.

1.2. To Obtain Payment. We may use and disclose your PHI to bill and collect payment for the health care services provided to you. For example, our billing department may use some of your PHI and disclose it to your health plan for payment.

1.3. For Health Care Operations. We may use and disclose your PHI to operate our hospitals, clinics and other health care service facilities. For example, we may use your PHI to review the care provided to you or to evaluate the performance of the health care professionals and processes involved in your care. We may also provide your PHI to University of Michigan units and our business associates that support our health care operations, such as our accountants, attorneys, consultants and other companies. Other examples include educational programs, resolution of internal grievances, business planning, development and management, administrative activities, including data and information systems management, and consolidations with other providers.

2. Ilang Ibang Paggamit at Pagsisiwalat na Hindi Nangangailangan ng Iyong Pahintulot. Maaari din naming gamitin at isiwalat ang iyong PHI:

2.1. Kapag ang pagsisiwalat ay kinakailangan ng pederal, estado o lokal na batas, hudisyal o administratibong paglilitis, o pagpapatupad ng batas. Halimbawa, gumagawa kami ng mga pagsisiwalat kapag hinihiling ng batas na mag-ulat kami ng impormasyon sa mga ahensya ng pamahalaan at tauhan sa pagpapatupad ng batas tungkol sa mga biktima ng pang-aabuso, kapabayaan o karahasan sa tahanan, kapag nangangasiwa sa mga sugat na nauugnay sa baril at iba pang sugat, o kapag iniutos sa isang hudisyal o administratibong paglilitis.

2.2. Para sa mga aktibidad sa kalusugan ng publiko. Halimbawa, dapat tayong mag-ulat sa mga opisyal ng pamahalaan na namamahala sa pagkolekta ng partikular na impormasyon na may kaugnayan sa mga kapanganakan, pagkamatay, at ilang partikular na sakit at impeksyon. Gayundin, nagbibigay kami sa mga coroner, medikal na tagasuri at direktor ng punerarya ng kinakailangang impormasyon na may kaugnayan sa pagkamatay ng isang indibidwal. Bukod pa rito, sa ilalim ng batas ng Michigan ay kinakailangan naming mag-ulat ng impormasyon tungkol sa mga pasyenteng may ilang partikular na kondisyon, gaya ng HIV/AIDS at kanser, sa mga sentral na rehistro; kinakailangan din kaming mag-ulat ng impormasyon tungkol sa mga

pagbabakuna. Maaari din naming isiwalat ang PHI sa mga manufacturer ng mga gamot, biologic, device, at iba pang produkto na pinapangasiwaan ng pederal na Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot (Food and Drug Administration) kapag ang impormasyon ay nauugnay sa kanilang kalidad, kaligtasan, o pagiging epektibo. Ang PHI ay maaari ding isiwalat sa ilang partikular na taong nalantad sa mga nakakahawang sakit at sa mga employer na may kaugnayan sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho o mga usapin sa kabayaran ng manggagawa.

2.3. Para sa mga aktibidad sa pangangasiwa ng kalusugan. Halimbawa, magbibigay kami ng impormasyon sa mga opisyal ng pamahalaan para magsagawa ng pagsisiyasat o inspeksyon ng isang provider ng pangangalagang pangkalusugan o organisasyon.

2.4. Para sa mga layunin ng donasyon ng organ. Maaari kaming magbigay ng impormasyon sa mga organisasyon sa pagkuha ng organ para tulungan sila sa donasyon at pag-transplant ng organ, mata o tissue.

2.5. Para sa mga layunin ng pananaliksik. Sa ilang partikular na sitwasyon, maaari naming gamitin o ibigay ang PHI para magsagawa ng pananaliksik. Ang pananaliksik na ito sa pangkalahatan ay napapailalim sa pangangasiwa ng isang pang-institusyong lupon sa pagsusuri. Sa karamihan ng mga kaso, habang ang PHI ay maaaring gamitin para tumulong sa paghahanda ng isang proyekto sa pananaliksik o para makipag-ugnayan sa iyo para tanungin kung gusto mong lumahok sa isang pag-aaral, hindi ito higit pang isisiwalat para sa pananaliksik nang wala ang iyong pahintulot. Gayunpaman, kung pinahihintulutan sa ilalim ng pederal na batas, patakarang pang-institusyon at inaprubahan ng isang pang-institusyong lupon sa pagsusuri o lupon sa pagkapribado, maaaring higit pang gamitin o isiwalat ang PHI. Bilang karagdagan, ang PHI ay maaaring gamitin o isiwalat para sa pananaliksik bilang “limitado o de-identified na mga set ng datos” na hindi kasama ang iyong pangalan, address o iba pang direktang pagkakakilanlan.

2.6. Para makaiwas sa kapahamakan. Upang maiwasan ang isang seryosong banta sa kalusugan o kaligtasan ng isang tao o ng publiko, maaari kaming magbigay ng PHI sa mga tauhan ng pagpapatupad ng batas o mga taong kayang pigilan o bawasan ang potensyal na pinsala.

2.7. Para sa mga partikular na tungkulin ng pamahalaan. Maaari naming isiwalat ang PHI ng mga tauhan ng militar at beterano sa ilang partikular na sitwasyon. Maaari din naming isiwalat ang PHI para sa mga layunin ng pambansang seguridad, tulad ng pagprotekta sa pangulo ng Estados Unidos o pagsasagawa ng mga operasyon sa intelihensiya.

2.8. Para sa mga layunin ng kabayaran sa mga manggagawa. Maaari kaming magbigay ng PHI upang sumunod sa mga batas sa kabayaran ng mga manggagawa.

2.9. Upang magbigay ng mga paalala sa appointment at mga benepisyo o serbisyong nauugnay sa kalusugan. Maaari naming gamitin ang PHI upang magbigay ng mga paalala sa appointment. Maaari din kaming magbigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa mga alternatibong paggamot, o iba pang serbisyo o benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan na ibinibigay namin.

2.10. Para sa mga aktibidad sa pangangalap ng pondo. Maaari naming gamitin ang PHI upang makalikom ng mga pondo para sa aming organisasyon. May karapatan kang huwag lumahok sa pagtanggap ng mga komunikasyon sa pangangalap ng pondo.

Certain Other Uses and Disclosures That Do Not Require Your Consent. We may also use and disclose your PHI:

2.1. When disclosure is required by federal, state or local law, judicial or administrative proceedings, or law enforcement. For example, we make disclosures when a law requires that we report information to government agencies and law enforcement personnel about victims of abuse, neglect or domestic violence, when dealing with gunshot and other wounds, or when ordered in a judicial or administrative proceeding.

2.2. For public health activities. For example, we must report to government officials in charge of collecting specific information related to births, deaths, and certain diseases and infections. Also, we provide coroners, medical examiners and funeral directors necessary information relating to an individual's death. Additionally, under Michigan law we are required to report information about patients with certain conditions, such as HIV/AIDS and cancer, to central registries; we also are required to report information about immunizations. We also may disclose PHI to manufacturers of drugs, biologics, devices, and other products regulated by the federal Food and Drug Administration when the information is related to their quality, safety, or effectiveness. PHI also may be disclosed to certain people exposed to communicable diseases and to employers in connection with occupational health and safety or worker's compensation matters.

2.3. For health oversight activities. For example, we will provide information to government officials to conduct an investigation or inspection of a health care provider or organization.

2.4. For purposes of organ donation. We may provide information to organ procurement organizations to assist them in organ, eye or tissue donation and transplants.

2.5. For research purposes. In certain circumstances, we may use or provide PHI to conduct research. This research generally is subject to oversight by an institutional review board. In most cases, while PHI may be used to help prepare a research project or to contact you to ask whether you want to participate in a study, it will not be further disclosed for research without your authorization. However, where permitted

under federal law, institutional policy and approved by an institutional review board or a privacy board, PHI may be further used or disclosed. In addition, PHI may be used or disclosed for research as "limited or de-identified data sets" which do not include your name, address or other direct identifiers.

2.6. To avoid harm. To avoid a serious threat to the health or safety of a person or the public, we may provide PHI to law enforcement personnel or persons able to prevent or lessen the potential harm.

2.7. For specific government functions. We may disclose the PHI of military personnel and veterans in certain situations. We also may disclose PHI for national security purposes, such as protecting the president of the United States or conducting intelligence operations.

2.8. For workers' compensation purposes. We may provide PHI to comply with workers' compensation laws.

2.9. To provide appointment reminders and health-related benefits or services. We may use PHI to provide appointment reminders. We may also give you information about treatment alternatives, or other health care services or benefits we provide.

2.10. For fundraising activities. We may use PHI to raise funds for our organization. You have the right to opt out of receiving fundraising communications.

3. Mga Paggamit at Pagsisiwalat Kung Saan May Pagkakataon kang Tumutol.

3.1. Mga direktoryo ng pasyente. Maaari naming isama ang iyong pangalan, pangkalahatang kondisyon, lokasyon sa isang pasilidad ng UMHS, at kinauugnayang relihiyon(kung mayroon man) sa aming direktoryo ng pasyente para magamit ng mga klero at iba pang naghahanap sa iyo ayon sa pangalan, maliban kung tututol ka nang buo o bahagya kapag ikaw ay ipinasok sa aming mga pasilidad.

3.2. Pagsisiwalat sa pamilya, kaibigan, o iba pa. Maaari naming ibigay ang iyong PHI sa isang miyembro ng pamilya, kaibigan o iba pang tao na nauugnay sa pangangalaga sa iyo o responsable para sa pagbabayad para sa iyong pangangalagang pangkalusugan, maliban kung tumutol ka nang buo o bahagya.

3.3. Pagpapalitan ng Impormasyong Pangkalusugan. Maaari naming gawing available ang iyong PHI sa elektronikong paraan sa pamamagitan ng mga pagpapalitan ng impormasyong pangkalusugan (health information exchanges, HIE) sa ibang provider ng pangangalagang pangkalusugan, planong pangkalusugan at clearinghouse ng pangangalagang pangkalusugan. Ang pakikilahok sa mga HIE ay nagbibigay-daan din sa amin na makita ang kanilang impormasyon tungkol sa iyo na tumutulong sa aming magbigay ng pangangalaga sa iyo. May karapatan kang huwag lumahok sa mga naturang pagsisikap sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa taong nakalista sa dulo ng abisong ito.

Uses and Disclosures to Which You Have an Opportunity to Object.

3.1. Patient directories. We may include your name, general condition, location in a UMHS facility, and religious affiliation (if any) in our patient directory for use by clergy and others who ask for you by name, unless you object in whole or in part when you are admitted to our facilities.

3.2. Disclosure to family, friends, or others. We may provide your PHI to a family member, friend or other persons who are involved in your care or responsible for the payment for your health care, unless you object in whole or in part.

3.3 Health Information Exchanges. We may make your PHI available electronically through health information exchanges (HIEs) to other health care providers, health plans and health care clearinghouses. Participation in HIEs also lets us see their information about you which helps us provide care to you. You have the right to opt out of participating in such efforts by contacting the person listed at the end of this notice.

4. Naaangkop na Batas ng Michigan. Ang aming paggamit at pagsisiwalat ng PHI ay dapat sumunod hindi lamang sa mga pederal na regulasyon sa pagkapribado kundi pati na rin sa naaangkop na batas ng Pederal na pamahalaan at Michigan. Ang batas ng Michigan at/o Pederal na Regulasyon ay naglalagay ng ilang karagdagang paghihigpit sa paggamit at pagsisiwalat ng PHI para sa kalusugan ng pag-iisip, pang-aabuso sa kontroladong kemikal, kondisyong HIV/AIDS, at ilang partikular na hetetikong impormasyon. Sa ilang pagkakataon, maaaring kailanganin ang iyong partikular na pahintulot.

Applicable Michigan Law. Our use and disclosure of PHI must comply not only with federal privacy regulations but also with applicable Federal and Michigan law. Michigan law and/or Federal Regulations place certain additional restrictions on the use and disclosure of PHI for mental health, substance abuse, HIV/AIDS conditions, and certain genetic information. In some instances, your specific authorization may be required.

5. Ang Lahat ng Iba Pang Paggamit at Pagsisiwalat ay Nangangailangan ng Iyong Paunang Nakasulat na Pahintulot. Sa mga sitwasyong hindi saklaw ng Abisong ito, kailangan ang iyong nakasulat na pahintulot bago gamitin o isiwalat ang iyong PHI, kabilang ang karamihan sa mga paggamit at pagsisiwalat ng mga tala ng psychotherapy (kung itinala o pinapanatili namin), pagbebenta na suportado sa pananalapi ng mga produkto o serbisyo ng ika-3 partido na mga produkto o serbisyo, at pagbebenta ng PHI, maliban kung tinukoy ng batas. Ang iyong pahintulot ay maaaring bawiin anumang oras sa pamamagitan ng pagsulat (pero hindi ito mailalapat sa mga naunang pagsisiwalat na ginawa batay sa iyong paunang pahintulot).

All Other Uses and Disclosures Require Your Prior Written Authorization. In situations that are not covered by this Notice, your written authorization is needed before using or disclosing your PHI, including most uses and disclosures of psychotherapy notes (if recorded or maintained by us), financially-supported marketing of 3rd party products or services, and the sale of PHI, unless otherwise specified by law. Your authorization can always be revoked in writing (but it would not apply to prior disclosures made based on your initial authorization).

D. ANG IYONG MGA KARAPATAN TUNGKOL SA IYONG PHI. Mayroon kang mga sumusunod na karapatan kaugnay ng iyong PHI:

YOUR RIGHTS REGARDING YOUR PHI. You have the following rights with respect to your PHI:

- 1. Ang Karapatan na Humiling ng Mga Paghihigpit sa Mga Paggamit at Pagsisiwalat ng Iyong PHI.** May karapatan kang hilingin sa amin na limitahan kung paano namin gamitin at isiwalat ang iyong PHI para sa paggamot, pagbabayad o mga pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan. Ang kahilingang ito ay dapat na nakasulat. Hindi kami kinakailangang sumang-ayon sa iyong kahilingan sa paghihigpit, pero kung gagawin namin ito, igagalang namin ang ating kasunduan maliban sa mga kaso ng emerhensiya o kaso kung saan kami ay legal na kinakailangan o pinapayagang gumawa ng paggamit o pagsisiwalat. Gayunpaman, kinakailangan kaming sumang-ayon sa isang nakasulat na kahilingan para paghigpitan ang pagsisiwalat ng iyong PHI sa isang planong pangkalusugan kung ang pagsisiwalat ay para sa pagbabayad o mga pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan at kung hindi man ay kinakailangan ng batas, at ang iyong PHI ay tumutukoy lang sa isang bagay sa pangangalagang pangkalusugan o serbisyo na binayaran mo nang buo at mula sa sariling bulsa. Gayundin, maaari mong hilingin sa amin na limitahan ang mga pagsisiwalat ng PHI sa mga miyembro ng pamilya, iba pang kamag-anak, o malapit na kaibigan na nauugnay sa iyong pangangalaga o pagbabayad para dito.

The Right to Request Restrictions on Uses and Disclosures of Your PHI. You have the right to ask us to limit how we use and disclose your PHI for treatment, payment or health care operations. This request must be in writing. We are not required to agree to your restriction request, but if we do, we will honor our agreement except in cases of an emergency or in cases where we are legally required or allowed to make a use or disclosure. We are required, however, to agree to a written request to restrict disclosure of your PHI to a health plan if the disclosure is for payment or health care operations and is not otherwise required by law, and your PHI pertains solely to a health care item or service for which you have paid in full and out of pocket. Also, you may request us to limit PHI disclosures to family members, other relatives, or close friends involved in your care or payment for it.

- 2. Ang Karapatan na Humiling ng Mga Kumpidensyal na Komunikasyon na Kinauugnayan ng Iyong PHI.** Maaari kang humiling nang pasulat na magpadala ng impormasyon sa iyo sa isang partikular na paraan o lokasyon. Halimbawa, maaari mong hilingin na ipadala namin ang PHI sa isang Post Office Box kaysa sa iyong tahanan. Dapat kaming sumang-ayon sa iyong kahilingan hangga't madali naming maibigay ito sa format na iyong hiniling.

The Right to Request Confidential Communications Involving Your PHI. You can ask in writing to send information to you in a certain way or location. For example, you can request we mail PHI to a Post Office Box rather than your home. We must agree to your request so long as we can easily provide it in the format you requested.

- 3. Ang Karapatan na Makatanggap ng Mga Kopya ng Iyong PHI.** Sa karamihan ng mga kaso, may karapatan kang tumanggap ng mga kopya ng iyong PHI, tulad ng mga rekord ng kalusugan o pagsingil, na ginagamit namin para gumawa ng mga desisyon tungkol sa iyo. Dapat mong gawin ang kahilingan nang nakasulat. Sasagot kami sa loob ng 30 araw pagkatapos matanggap ang iyong nakasulat na kahilingan, at maaari kaming maningil ng makatuwirang bayad. Sa ilang partikular na sitwasyon, maaari naming tanggihan ang iyong kahilingan, pero gagawin namin ito sa pamamagitan ng pagsulat, at ibibigay namin ang aming mga dahilan para sa pagtanggig at ipapaliwanag namin ang iyong karapatan na masuri ang pagtanggig.

The Right to Receive Copies of Your PHI. In most cases you have the right to receive copies of your PHI, such as health or billing records, used by us to make decisions about you. You must make the request in writing. We will respond within 30 days after receiving your written request, and we may charge a reasonable fee. In certain situations, we may deny your request, but we will do so in writing, and we will provide our reasons for the denial and explain your right to have the denial reviewed.

- 4. Ang Karapatan na Makakuha ng Listahan ng Mga Pagsisiwalat na Ginawa Namin.** May karapatan kang makakuha ng listahan ng mga pagkakataon kung saan isiniwalat namin ang iyong PHI (isang Accounting ng Mga Pagsisiwalat.) Ang karapatang ito ay hindi nalalapat sa ilang partikular na pagsisiwalat tulad ng mga ginawa para sa paggamot, pagbabayad o mga pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan, mga pagsisiwalat na ginawa sa iyo o sa iba pang nauugnay sa pangangalaga sa iyo, mga pagsisiwalat na ginawa gamit ang iyong pahintulot, o mga pagsisiwalat a ginawa para sa mga layunin ng pambansang seguridad o intelihensiya o sa mga institusyon ng pagwawasto o layunin sa pagpapatupad ng batas. Ang iyong

kahilingan para sa isang Accounting ng Mga Pagsisiwalat ay dapat gawin nang nakasulat sa tao at address sa ibaba. Sasagot kami sa loob ng 60 araw pagkatapos matanggap ang iyong kahilingan sa pamamagitan ng pagbibigay ng listahan ng mga pagsisiwalat na ginawa sa loob ng huling anim na taon mula sa petsa ng pagtanggap ng iyong kahilingan, maliban kung humiling ng mas maikling yugto ng panahon. Kung gumawa ka ng higit sa isang kahilingan sa parehong taon, maaari kaming maningil ng bayad.

The Right to Get a List of the Disclosures We Have Made. You have the right to get a list of instances in which we have disclosed your PHI (an Accounting of Disclosures.) This right does not apply to certain disclosures such as those made for treatment, payment or health care operations, disclosures made to you or to others involved in your care, disclosures made with your authorization, or disclosures made for national security or intelligence purposes or to correctional institutions or law enforcement purposes. Your request for an Accounting of Disclosures must be made in writing to the person and address below. We will respond within 60 days of receiving your request by providing a list of disclosures made within the last six years from the receipt date of your request, unless a shorter time period is requested. If you make more than one request in the same year, we may charge a fee.

- 5. Ang Karapatan sa Pagwawasto o Pag-update ng Iyong PHI.** Kung naniniwala kang mali o hindi kompleto ang iyong PHI, may karapatan kang hilingin sa amin na idagdag o baguhin ang umiiral na impormasyon. Ang iyong kahilingan ay dapat nakasulat at dapat isama ang dahilan ng iyong kahilingan. Sasagot kami sa loob ng 60 araw pagkatapos matanggap ang iyong kahilingan. Maaari naming tanggihan ang iyong kahilingan nang nakasulat kung ang PHI (i) ay tama at kompleto, (ii) ay hindi namin ginawa, (iii) ay hindi pinapayagang isiwalat, o (iv) ay hindi bahagi ng aming mga talaan. Isasama sa aming pagtangga ang (mga) dahilan para sa pagtangga at ipapaliwanag ang iyong karapatang maghain ng nakasulat na pahayag ng hindi pagsang-ayon. Kung hindi ka maghahain ng nakasulat na pahayag ng hindi pagsang-ayon, may karapatan kang humiling na ang iyong kahilingan sa pag-amyenda at ang aming pagtangga ay ilakip sa iyong PHI. Kung maaprubahan ang iyong kahilingan sa pag-amyenda, gagawin namin ang pagbabago sa iyong PHI at ipapaalam namin sa iyo na nakompleto na ito. Ang isang pag-amyenda ay maaaring may ilang anyo, tulad ng isang paliwanag na pahayag na idinagdag sa iyong tala.

The Right to Amend or Update Your PHI. If you believe your PHI is incorrect or incomplete, you have the right to request us to add to or amend the existing information. Your request must be in writing and must include the reason for your request. We will respond within 60 days of receiving your request. We may deny your request in writing if the PHI (i) is correct and complete, (ii) was not created by us, (iii) is not allowed to be disclosed, or (iv) is not part of our records. Our denial will include the reason(s) for the denial and will explain your right to file a written statement of disagreement. If you don't file a written statement of disagreement, you have the right to request that your amendment request and our denial be attached to your PHI. If your amendment request is approved, we will make the change to your PHI and let you know it has been completed. An amendment may take several forms, such as an explanatory statement added to your record.

- 6. Ang Karapatan sa Isang Kopya ng Abisong ito.** May karapatan kang humiling ng papel na kopya ng Abisong ito na ipadala sa iyo sa mail. Available din ito sa: <http://www.uofmhealth.org/Patient+and+Visitor+Guide/hipaa>

The Right to a Copy of this Notice. You have a right to request a paper copy of this Notice be mailed to you. It is also available at: <http://www.uofmhealth.org/Patient+and+Visitor+Guide/hipaa>

E. SINO ANG MAAARI MONG MAKAUGNAYAN PARA SA IMPORMASYON TUNGKOL SA ABISONG ITO O SA AMING MGA KASANAYAN SA PAGKAPRIBADO.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa Abisong ito o mga reklamo tungkol sa aming mga kasanayan sa pagkapribado, o kung gusto mong malaman kung paano maghain ng reklamo sa Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil (Office for Civil Rights) ng Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao (Department of Health and Human Services) ng U.S., maaari kang makipag-ugnayan sa aming Direktor sa Pagkapribado sa 1-734-615-4400. Hindi ka mapapatawan ng parusa sa paghahain ng iyong reklamo. Ang mga nakasulat na reklamo ay dapat isumite sa:

University of Michigan Health System
Privacy Director
1500 E. Medical Center Drive
Ann Arbor, MI 48109-5729

Maaari naming baguhin ang aming mga kasanayan sa pagkapribado anumang oras. Bago kami gumawa ng mahalagang pagbabago, irerebisa namin ang Abisong ito at ipo-post namin ito sa aming mga pasilidad at sa aming website sa: <http://www.uofmhealth.org/Patient+and+Visitor+Guide/hipaa>.

WHO YOU CAN CONTACT FOR INFORMATION ABOUT THIS NOTICE OR OUR PRIVACY PRACTICES. If you have questions about this Notice or complaints about our privacy practices, or if you would like to know how to file a complaint with the Office for Civil Rights of the U.S. Department of Health and Human Services, you can contact our Privacy Director at 1-734-615-4400. You will not be penalized for filing your complaint. Written complaints must be submitted to:

University of Michigan Health System
Privacy Director
1500 E. Medical Center Drive
Ann Arbor, MI 48109-5729

We may change our privacy practices at any time. Before we make an important change, we will revise this Notice and post it in our facilities and on our website at: <http://www.uofmhealth.org/Patient+and+Visitor+Guide/hipaa>.

F. PETA NG PAGKAKABISA NG ABISONG ITO: Abril 14, 2003, binago noong Hulyo 1, 2012 at Setyembre 23, 2013.
EFFECTIVE DATE OF THIS NOTICE: April 14, 2003, revised July 1, 2012 and Sept. 23, 2013.